# QC inmates, bibigyan ng second chance

periodicalpdcpubliclibrary@gmail.com

Nais ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na bigyan nang pagkakataon na makapagbagumbuhay ang mga preso sa lungsod sa pamamagitan ng planong ipagkaloob na programang pang-edukasyon at programang pangkabuhayan upang maiwasan na ang pagbalik sa dating maling gawain.

Sinabi ni Belmonte na ang pagkakaloob ng kaalaman hinggil sa livelihood skills sa mga inmates ay ginagawa na sa Davao City at ito anya ang nais niyang gawin din sa QC.

"I'm very inspired to see that in a correctional facility, we can still offer opportunities to our people like education, livelihood programs, physical activities and such. That way, we can see that they want to change for themselves and for their families," sabi ni Belmonte.

Anya maaari ring maging masaya, makapag-aral muli at kumita ang mga preso sa pamamagitan ng mga programang pangkabuhayan na maaaring mapakinabangan ng kanilang pamilya.

"I know some of us have a different mind-set towards people in the correctional, but it can definitely change if we will just give them a chance to prove that they can be a better person," ayon pa kay Belmonte. *(Angie dela Cruz)*